

Basahin nang mabuti ang bawat pahayag. Piliin ang TAMA kung wasto ang pahayag, at MALI naman kung hindi.

1. Ang idyolek ay personal na paraan ng pagsasalita ng isang indibidwal.
2. Ang Chavacano ay isang halimbawa ng pidgin na ginagamit lamang pansamantala.
3. Ang gay lingo ay kabilang sa varayti ng wika na tinatawag na sosyolek.
4. Ang dayalek ay wika batay sa antas ng edukasyon ng isang tao.
5. Ang pidgin ay maaaring maging unang wika ng isang pangkat kapag ito ay naging creole.
6. Ang jargon ay ginagamit ng mga taong kabilang sa parehong propesyon.
7. Ang register ay nagbabago batay sa lugar kung saan ka naroroon.
8. Ang conyo ay karaniwang ginagamit ng mga kabataang Pilipino na nagsasama ng Ingles at Filipino.
9. Ang paggamit ng salitang "bana" sa halip na "asawa" ay isang halimbawa ng etnolek.
10. Ang batang lumaki sa Maynila na sanay magsalita ng Tagalog ay gumagamit ng sosyolek.
11. Ang "hugot lines" ay maaaring ituring na bahagi ng sosyolek.
12. Mas napapalalim ang respeto sa kultura ng iba kapag nauunawaan ang kanilang varayti ng wika.
13. Ang pag-aaral ng pidgin at creole ay hindi gaanong mahalaga sa lingguwistika.
14. Kapag naging natural na wika ang pidgin sa isang pamayanan, tinatawag na itong creole.
15. Mas mainam na ituro ang varayti ng wika gamit ang mga kontekstong pamilyar sa mga mag-aaral